MADALING GABAY PARA SA

Pag-Install ng mga Nokia Connectivity Cable Drivers

NOKIA

Mga Nilalaman

1. Panimula 1

2. Mga kinakailangan 1

3. Pag-Install ng mga Nokia Connectivity Cable Drivers 2

3.1 Bago ang pag-install 2
3.2 Pag-Install ng Nokia Connectivity Cable Drivers 2

4. Pag-troubleshoot 3

5. Mga Talang Pangkaligtasan 6

1. PANIMULA

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng tagubilin kung paano i-install ang Nokia Connectivity Cable Drivers para sa mga USB cable na DKU-2, CA-53, CA-70, DKE-2 at CA-101, at para sa serial cable na CA-42. Ang mga driver ay kailangan kung nais mong ikunekta ang isang Nokia mobile phone sa PC.

Para sa impormasyon sa kung aling cable ang gagamitin sa modelo ng iyong telepono, tingnan ang gabay sa gumagamit ng telepono.

Paalala: Ang mga driver ay laging naka-install para sa mga tukoy na modelo ng telepono, hindi para sa cable. Sa dahilang ito ang mga version ng Connectivity Cable Drivers ay maaaring di sumuporta ng mga pinakabagong modelo ng telepono.

Paalala: Laging tiyakin na ikaw ay gumagamit ng mga orihinal na Nokia cable sa Nokia PC Suite upang matiyak ang matatag na operasyon ng mga aplikasyon ng PC Suite. Suriin ang tatak sa iyong cable.

2. MGA KINAKAILANGAN

Para i-install ang Nokia Connectivity Cable Drivers sa iyong computer kailangan mayroon kang:

- Maski na 30 MB na libreng puwang sa disk
- Isa sa mga sumusunod na operating system:
  - Windows Vista 32-bit at 64-bit edition
  - Windows XP Professional x64 edition (Service Pack 2)
  - Windows XP (Professional o Home Edition) (Service Pack 2 o mas bago)
- Libreng USB port para sa pagkunekta ng cable

Ang mga Windows SP download ay nakahanda sa mga sumusunod na Microsoft web page:

- Para sa Windows XP (Professional o Home Edition):

  http://www.microsoft.com/windowsXP/downloads/default.mspx
- Para sa Windows XP Professional x64 edition:

  http://technet.microsoft.com/en-us/windowsserver/bb229701.aspx

3. PAG-INSTALL NG MGA NOKIA CONNECTIVITY CABLE DRIVERS

3.1 Bago ang pag-install

Kung may dati kang instalasyon ng Nokia Connectivity Cable Drivers sa iyong PC, dapat na manwal mong i-uninstall ito. Para gawin ito:

1. I-click ang **Start > (Settings) > Control Panel** para buksan ang Control Panel.
2. Idobleng-click ang **Add/Remove Programs**.
   Kung di mo makita ang Nokia Connectivity Cable Driver o DKU-2 Cable Driver sa lista, wala kang naka-install na dating version at maaari mong ituloy ang pag-install ng Nokia Connectivity Cable Drivers.
3. Piliin ang Nokia Connectivity Cable Driver o DKU-2 Cable Driver mula sa lista at i-click ang **Change/Remove programs** para i-uninstall ito.

3.2 Pag-Install ng Nokia Connectivity Cable Drivers

Paalala: Huwag ikunekta ang telepono sa PC sa cable hanggang na-install mo na ang Nokia Connectivity Cable Drivers.

1. Para mai-install ang mga Nokia Connectivity Cable Driver, pumunta sa mga pahina sa web ng Nokia Product Support sa http://www.europe.nokia.com/nokia/0,8764,81912,00.html, i-save ang file sa instalasyon mula sa pahina sa web sa iyong computer at idobleng-click ito. Ang instalasyon ay magsisimula.
2. Sundin ang mga tagubilin sa screen. Maaaring hingin sa iyo na muling simulan ang iyong computer sa oras ng o matapos ang pag-install.
3. Kapag kumpleto na ang instalasyon (at nai-restart mo na ang computer kung hiningi na gawin ito) ikunekta ang cable sa pagitan ng iyong telepono at ng PC.
4. Sisimulang hanapin ng Windows ang ilang bagong aparato ng hardware na kailangan ng iyong telepono at ng cable. Maaaring abutin ito ng ilang minuto. Isang abiso ang ipapakita kapag handa na ang instalasyon.

4. PAG-TROUBLESHOOT

Para sa karagdagang impormasyon sa pag-troubleshoot, pumunta sa mga pahina sa web ng Nokia PC Suite sa www.nokia.com/pcsuite at piliin ang **Search and solve**.

Kuneksyon ay di gumagana

Para muling itatag ang kuneksyon, gawin ang sumusunod:

- Tiyakin na sinusuportahan ng iyong telepono ang cable: tingnan ang gabay sa gumagamit ng telepono.
- I-reboot ang iyong telepono at PC at subukang maitatag uli ang kuneksyon.
- Kung mayroon kang ibang aparatong USB na kunektado sa PC, i-unplug ang mga ito sa PC at subukang maitatag uli ang kuneksyon. Tiyakin na di mo nai-unplug ang mouse o ang keyboard.
- Tiyakin na ang uri ng kuneksyon ay aktibo sa Nokia Connection Manager: **Start > (Settings) Control Panel > Nokia Connection Manager.** Para sa CA-42 ang napiling uri ay dapat na “Serial cable” at para sa DKU-2, CA-53, CA-70, DKE-2 at CDA-101 ang uri ay dapat na “USB”.
- Kung gumagamit ka ng CA-42 cable tiyakin na ang tamang COM port ay nakatakda sa Nokia Connection Manager: **Start > (Settings) Control Panel > Nokia Connection Manager > Configure**.

Kung lahat ng nasa itaas ay OK, tiyakin na matagumpay ang instalasyon. Para gawin ito:

1. Ikunekta ang iyong telepono sa PC sa cable at hintayin na makita ng Windows lahat ng bagong hardware.
2. Pumunta sa **Control Panel > System > Hardware > Device Manager...** (Kung ikaw ay gumagamit ng Windows XP, gamitin ang Classic View ng Control Panel.)
3. Idobleng-click ang **Wireless Communication Devices**. Kung ang mga aparatong Nokia ay nakalista na walang exclamation mark katabi ng icon, ang instalasyon ay matagumpay. Dapat na kasama sa lista ang mga aparatong gaya ng “Nokia CA-42 USB Phone Parent”, o “Nokia xxxx USB Phone Parent” (xxxx ay kumakatawan sa apat na digit na numero ng modelo ng telepono). Ang bilang ng mga nakalistang aparato ay maaaring mag-iba ayon sa modelo ng telepono.
4. I-click ang **Modems**. Kung ang “Nokia xxxx modem” (xxxx ay kumakatawan sa apat na digit na numero ng modelo ng iyong telepono) ay nakalista na walang exclamation mark katabi ng icon, ang instalasyon ay matagumpay.



Pigura 1. ***Matagumpay na instalasyon (xxxx ay kumakatawan sa apat na digit na numero ng modelo ng iyong telepono)***

Pansinin na ang bilang ng mga apartong nakalista sa ilalim ng Wireless Communication Devices ay maaaring mag-iba ayon sa modelo ng telepono.

5. Kung ang mga aparatong Nokia ay di nakalista o nakalista ang mga ito na may exclamation mark, ang instalasyon ay di matagumpay. Sa kasong ito kailangan mong i-uninstall ang mga driver, i-restart ang computer at i-install uli ang mga driver (tingnan ang mga tagubilin sa instalasyon sa dokumentong ito).

Pigura 2. ***Di matagumpay na instalasyon (xxxx ay kumakatawan sa apat na digit na numero ng modelo ng iyong telepono)***

Mga conflict sa software ng Bluetooth wireless technology

Maraming driver at mga aplikasyon na ginagamit ng Bluetooth wireless technology ay nagtatalaga ng ilang COM port na maaaring mag-conflict sa pag-install ng DKU-2/CA-42/CA-53/CA-70/DKE-2/CA-101. Kung may gayon kang software na naka-install at ang instalasyon ng driver ay di matagumpay (tingnan ang itaas para sa mga tagubilin kung paano titiyakin ang instalasyon), gawin ang sumusunod:

1. I-uninstall ang Nokia Connectivity Cable Drivers.
2. I-uninstall ang anumang software ng Bluetooth wireless technology ayon sa mga tagubilin nito.

3. Muling i-install ang Nokia Connectivity Cable Drivers (tingnan ang seksiyon sa *Pag-install ng Nokia Connectivity Cable Drivers* sa dokumentong ito para sa mga detalyadong tagubilin) at tiyaking ang instalasyon ay nagtagumpay.
4. Muling i-install ang software ng Bluetooth wireless technology.

Ikinunekta ko ang cable sa oras ng/bago ang instalasyon ng Nokia Connectivity Cable Drivers at ngayon ang kuneksyon ay di gumagana.

1. Ikunekta ang iyong telepono sa PC.
2. Pumunta sa **Control Panel > System > Hardware > Device Manager...**
3. Idobleng-click ang **Wireless Communication Devices.**
4. Alisin ang anumang di kilalang aparato (aparato na may question mark o exclamation mark sa tabi nito): Ikanang-click ang aparato at i-click ang **Uninstall**, o piliin ang aparato at pindutin ang Delete sa keyboard.

Pigura 3. ***Di kilalang aparato (xxxx ay kumakatawan sa apat na digit na numero ng modelo ng iyong telepono)***

5. Tiyakin na ang Nokia Connectivity Cable Drivers ay naka-install.
6. I-unplug at muling i-plug ang cable.
7. Kung walang nangyari, muling i-install ang Nokia Connectivity Cable Drivers at muling ikunekta ang cable kapag natapos ang instalasyon.

5. MGA TALANG PANGKALIGTASAN

Mga mahalagang talang pangkaligtasan

Ang lahat ng tagubiling pangkaligtasan sa gabay sa gumagamit ng iyong telepono at computer ay nauukol rin kapag ang produktong ito ay ginamit sa telepono.

Tandaang gumawa ng mga backup na kopya ng lahat ng mahahalagang data bilang proteksyon sa posibleng pagkawala o pagbabago.

Mag-install at gumamit lang ng mga aplikasyon at iba pang software mula sa mga pinagkukunan na nagbibigay ng sapat na proteksyon laban sa mapaminsalang software.

Ligal na Paunawa

Karapatang-ari © 2003-2009 Nokia. Nakalaan lahat ng karapatan.

Ang pagsipi, paglilipat, pamamahagi o pagtatabi ng bahagi o lahat ng nilalaman sa dokumentong ito sa anumang anyo na walang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

Ang Nokia at Nokia Connecting People ay mga rehistradong tatak-pangkalakal ng Nokia Corporation.

Bluetooth is a registered trademark of Bluetooth SIG, Inc.

Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanyang binanggit dito ay maaaring mga tatak-pangkalakal o mga pangalang-pangkalakal ng mga kanya-kanyang may-ari.

Ang impormasyon sa gabay na ito ay isinulat para sa Nokia Connectivity Cable Drivers. Ipinatutupad ng Nokia ang patakaran ng kasalukuyang pag-unlad. Inilalaan ng Nokia ang karapatan upang gumawa ng mga pagbabago at mga pagpapabuti sa anumang mga produktong inilarawan sa dokumentong ito na walang paunang-sabi.

Sa anumang pagkakataon, walang pananagutan ang Nokia sa pagkawala ng data o kita o anumang di-pangkaraniwan, di-sinasadya, di-tuwiran o ibinungang pagkasira o danyos na nagbuhat sa anumang dahilan.

Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay ibinigay “bilang ganito”. Liban kung kinailangan ayon sa ipinatutupad na batas, walang anumang garantiya, hayag o ipinahiwatig, kasama na, ngunit hindi limitado sa, mga nakapahiwatig na garantiya ng kakayahang maipangalakal at kaangkupan para sa isang partikular na gamit, ang ginawa na nauukol sa kawastuhan, kahusayan o mga nilalaman ng dokumentong ito. Inilalaan ng Nokia ang karapatan upang baguhin ang dokumentong ito o bawiin ito sa anumang oras na walang paunang-sabi.